Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Wilma B.Orjaleza |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Mrs.Evelyn R. Ramos PSDS / SDO Pasay |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS/ SDO Pasay |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A.Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G. Tamayo -EPS Filipino- NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Jackie Lou U. Salaysay, Librarian II- SDO Pasay |

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

### Ikaapat na Markahan

## ARALIN: Paggawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari / problema-solusyon

### Inaasahan:

- ❖ Nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari / problema-solusyon. **F6PN-IVf-10**
- ❖ Nasusuri ang ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari /problema-solusyon.

## Unang Pagsubok

**Panuto**:Suriin ang sumusunod na pangungusap . Isulat ang mga bahaging nagsasaad ng sanhi at bunga.

1. Marami na sa ating kababayan ngayon ang dinapuan ng sakit na *Covid19* kaya kinakailangan ang ibayong pag-iingat.
2. Iba't ibang proteksyon ang ating ginagamit upang hindi mahawa ng sakit.
3. Walang humpay ang pagpapaalala ng pamahalaan sa *health protocols* kaya puspusang pag-iingat ang ginagawa ng mga tao.
4. Hindi kakalat ang *virus* kung susunod ang lahat sa tagubilin na ipinatutupad ng pamahalaan.
5. Sama-sama nating labanan ang pandemyang nararanasan natin ngayon at sa huli ay makakamit din natin ang tagumpay.

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1. | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4. | |
| 5. | |

## Balik-Tanaw

**Panuto: Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay wasto at MALI naman kung hindi.**

___________ 1. Ang sine ay isang larangang sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining.

__________ 2. Ang pelikulang drama ay nakasentro sa personal na suliranin na nagtutulak na paiyakin ang manonood.

__________ 3. Ang pelikulang pag-ibig ay gumagamit ng nakakapanindig balahibong iskrip upang takutin ang mga tao.

__________ 4. Nag-aawitan at nagsasayawan ang mga bida sa tunog ng musika. sa isang pelikulang musikal.


__________5. Tumutulong sa pagpukaw sa interes at damdamin ng manonood.ang tunog at musika.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin


### Uri ng Dayagram

**Dayagram –** ito ay mga drawing o debuho na nagpapakita ng mga hakbangin ng isang proseso,o ng ugnayang sanhi at bunga o naglalagom ng mga pangunahing elemento ng impormasyon.

**1.Venn diagram**





**3.Fish Bone**




**2.Talahanayan**

| Problema | Solusyon |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**4.Tsart**




## *A.Ugnayang Sanhi at Bunga*

❖ **SANHI**

Ito ay nagsasaad ng dahilan o pinagmulan ng isang pangyayari o suliranin. Ito rin ang mga kadahilanan kung bakit naganap ang mga pangyayari.

Kung minsan ay may mga hudyat na pangatnig na ginagamit sa pagsasaad ng dahilan tulad ng dahil/ dahil sa, sapagkat,pagkat,kasi,palibhasa at sanhi.

**Hal.**

**sanhi**

Magalang at masunurin ang batang si Jan [dahil pinalaki siyang busog sa pangaral.]

- **BUNGA**

Ito ang resulta, kinahinatnan ,kinalabasan at bunga ng mga dahilan o Sanhi. Ito rin ang epekto ng mga pangyayari o problema. Kung minsan ay may hudyat na ginagamit sa pagsasaad ng bunga. Ang mga ito ay ang kaya/ kaya naman. kung kaya, bunga nito at tuloy.

Hal.

Lumaki rin siyang matulungin at may malasakit sa kapwa [kaya kinagigiliwan ng mga tao,] → ***Bunga***

## GAWAIN 1

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Punan ng sanhi o bunga ang mga pangyayari na nasa dayagram.**

Patuloy ang pagtaas ng bilang ng mga nagkakasakit ng *Covid19* ngayon. Marami na ang nahahawaan at nagkakasakit nito sa iba't ibang lungsod lalo na sa kalakhang Maynila dahil madali raw makahawa ang bagong *variant* ng *virus*. Ang pamahalaan ay gumagawa ng mga kaukulang hakbang upang hindi na ito tuluyang kumalat sa iba't ibang lugar. Ang pananatili sa tahanan ay isang mabisang paraan upang tuluyan ng mawala ang *virus.*Nararapat ding palakasin natin ang ating katawan upang hindi madaling magkasakit. Maging maingat sa lahat ng pagkakataon dahil ito lamang ang ating panlaban.

**SANHI**

**1**. Dahil madaling makahawa ang bagong *variant* ng *virus.*

*2.* ________________________________

**3**.Pananatili sa tahanan ay mabisang paraan

**4.**________________________________

**BUNGA**

**1.**______________________________

**2.**Ang pamahalaan ay gumagawa na ng kaukulang hakbang.

**3.**______________________________

**4.**Upang hindi madaling magkasakit

**5.**______________________________

## GAWAIN 2

**Panuto: Basahin at suriin ang teksto. Isulat ang mga bahaging nagsasaad ng sanhi at bunga sa tsart na nasa ibaba**

### Si Bantay...

ni Wilma B. Orjaleza

Sabado noon,masarap ang tulog ko dahil napagod ako sa pakikipaglaro sa aking mga kaibigan. Paggising ko ay nakita ko siyang nakaupo sa gilid ng aking higaan. Nakatitig siya sa akin kaya naman nagulat ako.Pagtayo ko'y tuwang- tuwa niya akong dinamba kaya muntik na akong matumba .Sumunod siya sa akin pagbaba ko ng hagdan

Ipinaghanda ko siya ng pagkain at ako naman ay naligo muna bago kumain ng almusal. Maya-maya 'y narinig ko na ang tawag ng aking mga kaibigan. Niyayaya na nila akong maglaro. Agad naman akong nagpaalam sa aking ina at sumama na sa kanila .

Hindi ko namalayang sumunod sa akin si Bantay. Nang makarating kami sa lugar na rnapaglalaruan ay umupo lamang siya sa tabi at tahimik na nanonood habang kami ay masayang naglalaro ng tumbang preso.

Napagod ako kaya umupo sa isang putol na sanga ng puno .Walang ano-ano'y biglang may lumabas na isang makamandag na ahas mula sa makapal na halamanan at

akmang manunuklaw . Hindi ako makagalaw sa takot kaya nanatili ako sa aking kinauupuan Nang makita niya ito ay dagli niyang nilundag .Naglaban ang dalawa hanggang mamatay ang ahas .

Ngunit maya-maya ay bumagsak naman si Bantay na wala ng buhay dahil sa matinding kamandag ng ahas .Iniligtas niya ako sa tiyak na kapahamakan kaya't taos-puso ko siyang pinasalamatan. Dumaloy ang masaganang luha sa aking mga mata habang yakap ko ang walang buhay niyang katawan.Mailigtas lang ako ibinuwis niya ang sariling buhay. Ngayon ko napagtanto na kahit isang aso lamang kung ito'y iyong pahahalagahan ay mamahalin ka ring tunay ...tulad ng aso kong ....si Bantay

**Si Bantay**

| SANHI | BUNGA |
| --- | --- |
| 1.______________________________ | 1.______________________________ |
| 2.______________________________ | 2.______________________________ |
| 3.______________________________ | 3.______________________________ |
| 4.______________________________ | 4.______________________________ |
| 5.______________________________ | 5.______________________________ |

## *B.Problema – Solusyon*

- **PROBLEMA -** Ito ay pasanin sa isip na dapat malutas o isang bagay na hindi agad mapagpasiyahan..
  - Isang negatibong bagay na lahat ng tao ay nararanasan ngunit sa iba't ibang pamamaraan at pagkakataon.
- **SOLUSYON- I**to ay kasagutan sa mga tanong o problema.
  - Tumutukoy ito sa mga bagay na nagreresolba o nagbibigay lunas sa isang problema.

*Halimbawa:*

**Problema**– Mataas na bayarin sa kuryente

**Solusyon –** Magtipid sa paggamit nito

## Gawain 3

**Panuto: Isulat ang solusyon sa problemang nakasaad sa talahanayan.**

| PROBLEMA | SOLUSYON |
|---|---|
| **Hal. Pagkakalbo ng kagubatan** | **Pagtatanim ng mga punongkahoy** |
| 1.Pagdami ng nagkakasakit ng *Covid19* | |
| 2.Hindi pagsunod sa *curfew hour* | |
| 3.Pagbaha sa buong lungsod | |
| 4.Paglaganap ng sakit na *Dengue* | |
| 5.Bumagsak ka sa pagsusulit | |

## Pag-alam sa Natutuhan

***A.Ugnayang Sanhi – Bunga***

**Panuto: Piliin ang sanhi at bunga sa mga pangyayaring nasa kahon . Itala ito sa loob ng tsart.**

1.Lumaganap ang *Covid19 pandemic* kaya nagsara ang mga pabrika.

2.Hindi na natutugunan ang pangangailangan ng pamilya dahil nawalan ng trabaho ang ama.

3.Nag*lockdown* ang iba't ibang lugar kaya bumagsak ang ekonomiya.


4.Mabagal ang pag-unlad ng ekonomiya dahil marami ang nawalan ng trabaho.

5.Hindi siya tinatanggap sa trabaho dahil sa kakulangan niya sa kasanayan.

| SANHI | | BUNGA |
|---|---|---|
| | → | |

### *B. Problema -Solusyon*

**Panuto: Ibigay ang maaaring maging solusyon sa problemang nakalahad. Piliin sa kahon ang sagot at isulat sa dayagram.**




Paglipat sa ibang lugar
Putulin ang mga punongkahoy
Ihinto ang pagsusunog ng basura
Pagsusunog ng mga tuyong dahon
Huwag magsunog ng anomang bagay.
Pagtatapon ng basura sa tamang lagayan
Magtanim ng mga puno o halaman sa iyong bakuran
Huwag gumamit ng mga sasakyang nagbubuga ng maitim na usok

## Tandaan

Ang **sanhi** ay nagsasaad ng dahilan kung bakit naganap ang isang pangyayari samantalang inilalahad naman sa **bunga** o resulta ang kinalabasan ng naganap na pangyayari na magiging batayan ng tao kung nabigo o matagumpay.

Maibibigay ang solusyon sa isang suliranin sa pamamagitan ng mapanuring pag-iisip ng lunas sa isang problema.

` Magiging higit na malinaw at madaling mauunawaan kung ang mga pangyayaring may ugnayang sanhi /bunga , problema /solusyon ay ilalahad gamit ang isang dayagram.

## Pangwakas na Gawain

***A.Ugnayang Sanhi at Bunga***

**Panuto: Basahin at suriin ang teksto. Gumawa ng dayagram at isulat ang sanhi at bunga ng mga pangyayari .**


**Climate Change**

Ang climate change ay ang pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng mga greenhouse gases na nagpapainit sa mundo. Dahil sa mga taong walang pakundangan sa pagsira ng kalikasan at malasakit sa kapaligiran kaya matinding init ang nararanasan natin ngayon. Kapag tumataas ang temperatura ng mundo, dadami ang mga sakit kagaya ng dengue, diarrhea, malnutrisyon at iba pa. Dahil sa climate change nagiging mahirap tayain ang padron ng panahon. Nagkakaroon ng di- pangkaraniwang weather events gaya ng malalakas na pag- ulan mga super typhoon,malalang heatwaves at matatagal na tagtuyot sanhi ng global warming.

Source: Department of Health

***B.Problema – Solusyon***

**Panuto: Isulat ang maaari ninyong maging solusyon kung sakaling maranasan ang problemang nakasaad sa kahon.**




Sanggunian: my info basket.com ,Brainly.ph,Taliknow , doh.gov.ph, slideshare .net

## SUSI SA PAGWAWASTO

### Unang Pagsubok

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| 1.Marami na sa ating kababyan ngayon ang dinapuan ng sakit na Covid19 | Kaya kinakailanagan ang ibayong pag-iingat |
| 2.Iba't ibang proteksyong ang ating ginagamit | Upang hindi mahawa ng sakit |
| 3.Walang humpay ang pagpapaalala ng pamahalaan sa health protocols | kaya puspusang pag-iingat ang ginagawa ng mga tao. |
| **4** kung susunod ang lahat sa tagubilin na ipinatutupad ng pamahalaan. | Hindi kakalat ang *virus* |
| **5.** Sama-sama nating labanan ang pandemyang nararanasan natin ngayon | sa huli ay makakamit din natin ang tagumpay. |

### BALIKTANAW

1.TAMA 2. TAMA 3. MALI 4.TAMA 5.TAMA

**GAWAIN 1**

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1.Dahil madaling makahawa ang bagong *variant* ng *virus.* | 1.Marami na ang nahahawaan at nagkakasakit nito sa iba't ibang lungsod lalo na sa kalakhang Maynila. |
| 2. Upang hindi na ito tuluyang kumalat sa iba't ibang lugar. | 2.Ang pamahalaan ay gumagawa na ng kaukulang hakbang. |
| 3.Ang pananatili sa tahanan ay mabisang paraan | 3.Upang tuluyan ng mawala ang *virus* |
| 4.Nararapat ding palakasin natin ang ating katawan | 4 .Upang hindi madaling magkasakit |
| 5. Dahil ito lamang ang ating panlaban | 5. Maging maingat sa lahat ng pagkakataon |

**GAWAIN 2**

Ilan lamang ito sa maaring maging sagot ng mag-aaral.

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1.Nakatitig siya sa akin. | Kaya naman nagulat ako |
| 2. Pagtayo ko'y tuwang- tuwa niya akong dinamba | kaya muntik na akong mitumba |
| **3.** | |
| 4**.** | |
| **5.** Hindi ako makagalaw sa takot | kaya nanatili ako sa aking kinauupuan |

**Gawain 3**

1.Pananatili sa tahanan, Pagsunod sa *health protocols*
2..Pabibigay ng kaukulang parusa
3.Paglilinis ng mga daluyan ng tubig , pagtatanim ng puno
4.Paglilinis ng kapaligiran
5.Mag-aral nang mabuti , *Magreview,* Limitahan ang paglalaro gamit ang mga gadgets.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**A.Sanhi -Bunga**

| | BUNGA |
|---|---|
| 1.Lumaganap ang *Covid19 pandemic* | Kaya magsara ang mga pabrika. |
| 2.Dahil nawalan ng trabaho ang ama | Hindi na natutugunan ang pangangailangn ng pamilya |
| 3.Nag*lockdown* ang iba't ibang lugar | Kaya bumagsak ang ekonomiya |
| 4.Dahil marami ang walang trabaho | Mabagal ang pag-unlad ng ekonomiya |
| 5.Dahil sa kakulangan niya ng kasanayanD | Hindi siya tinanggap sa trabaho. |

**B. Problema -Solusyon**

**1.** Ihinto ang pagsusunog ng basura **2.**Huwag magsunog ng anomang bagay **3.** Pagtatapon ng basura sa tamang lagayan **4.** Magtanim ng puno o halaman sa iyong bakuran **5.** Huwag gumamit ng sasakyang nagbubuga ng maitim na usok

**Pangwakas na Gawain**

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| 1.Dahil sa pagtaas ng *greenhouse gases* na nagpapainit sa mundo | Ang *climate change* ay ang pagbabago ng klima o panahon |
| 2.Dahil sa mga taong walang habas sa pagsira ng kalikasan at malasakit sa kapaligiran | Kaya matinding init ang nararanasan natin ngayon |
| 3.kapag tumaas ang temperature ng mundo | Dadami ang mga sakit kagaya ng Dengue ,Diarrhia, malnutrisyon at iba pa. |
| 4.Dahil sa climate change | Magiging mahirap tayain ang padron ng panahon |
| 5.Sanhi ng global warming | Magkakaroon ng di pangkaraniwang weather events gaya ng malalakas na pag-ulan ,super typhoon, malalang heatwaves at matata |